

## Gabay 5

# Kumuha ng tulong sa batas

Walang sinuman ang dapat abusuhin, pagbantayan o subaybayan (stalked) sa pamamagitan ng teknolohiya. Nakakatakot ito, hindi ligtas at ito ay hindi OK. May karapatan kang maging ligtas.

**Maaari kang makakuha ng tulong sa batas kung ginagamit ang teknolohiya sa pang-aabuso, pag-kontrol o pananakot sa iyo.**

### Humingi ng tulong sa batas

Kung ang isang tao ay gumagamit ng teknolohiya upang abusuhin, kontrolin o takutin ka, may mga batas na makakatulong upang protektahan ka.

Dahil ang bawat kalagayan ay iba-iba, mahalagang makakuha ng payo sa batas para sa iyong partikular na kalagayan. Ang Gabay na ito ay hindi isang payo sa batas, nagbibigay lamang ito ng pangkalahatang mga mungkahi na maari mong pag-isipan.

### Ipinagbabawal ba ng batas ang pang-aabuso sa pamamagitan ng teknolohiya?

Ang pang-aabuso sa pamamagitan ng teknolohiya ay kinabibilangan ng malawak na hanay ng mga pag-uugali, kung saan marami dito ay itinuturing na mga krimen sa ilalim ng batas ng Australya at maaaring iulat sa pulisya.

May mga batas sa Australya na may kaugnayan sa:

- Paniniktik (stalking)
- Pagpapadala ng mga email, teksto o mensaheng nagbabanta
- Pag-install ng spyware sa mga elektronikong device
- Panliligalig
- Paninira
- Pagbabahagi ng maseselang mga imahe

Ang impormasyon tungkol sa mga batas sa Australya para sa bawat estado at teritoryo ay maaaring basahin (sa Ingles) sa SmartSafe [smartsafe.org.au/legal-guides](https://smartsafe.org.au/legal-guides).



### Pangangalap ng mga katibayan

Ang paniniktik, panliligalig o pagbabanta sa isang tao ay itinuturing na krimen sa bawat estado at teritoryo ng Australya. Ang pag-rekord at pagtatabi ng mga katibayan ng pang-aabuso ay makatutulong upang patunayan na nangyari ang pagkakasala. Kung ito ay ligtas na gawin, mangolekta ng katibayan sa paraang makatutulong sa iyo.

Ang pinakamahalaga ay ang iyong kaligtasan, pisikal at emosyonal.

Maaaring isama sa mga katibayan ng pang-aabuso sa pamamagitan ng teknolohiya ang :

- Mga screenshot
- Naka-save na mga mensahe ng voicemail
- Nakalimbag na mga email at mga post sa social media
- Nakasulat na mga tala ng pangyayari sa log o talaarawan.

Ang karagdagang impormasyon sa pangangalap ng katibayan ay mababasa (sa Ingles) sa site ng Esafetywomen [esafety.gov.au/women/take-control/esafety-planning/collecting-evidence](https://esafety.gov.au/women/take-control/esafety-planning/collecting-evidence).

## Saan ako maaaring makakuha ng payo sa batas?

Ang abogado o serbisyo sa batas ay maaaring makatulong sa pagtalakay ng iyong mga pagpipilian sa batas, kabilang ang paraan kung paano mag-aplay para sa isang kautusang pamproteksyon (protection order). Kung kailangan, sila ay makakasama mong makipag-usap sa pulis.

Ang mga serbisyo sa batas para sa mga kababaihan ay nagbibigay ng libre at kumpidensyal na payo sa batas sa bawat Estado at Teritoryo ng Australya. Ang ilang estado at teritoryo ay mayroon ding espesyalistang mga serbisyo sa batas para sa mga dumaranas ng karahasan sa tahanan. Pumunta sa [wlsa.org.au](http://wlsa.org.au) para sa karagdagang impormasyon.

Ang 1800RESPECT ay nagbibigay (sa Ingles) ng listahan ng mga suportang serbisyo at mga mapagkukunan sa batas sa bawat estado at teritoryo [1800respect.org.au/help-and-support/violence-and-the-law](http://1800respect.org.au/help-and-support/violence-and-the-law).

## Pagkuha ng kautusang pamproteksyon (protection order)

Maaaring kailanganin mo ang proteksyon sa batas kung ginagamit ang teknolohiya upang abusuhin, kontrolin o takutin ka. Ikaw, o ang pulis ay maaaring mag-aplay para sa kautusang pamproteksyon (protection order) para sa iyo upang pigilan ang taong nang-aabuso sa iyo na isagawa ang ilang mga bagay gaya ng: paglapit sa iyo, pagkontak sa iyo, o pagsubaybay kung saan ka pumupunta o kung ano ang ginagawa mo.

Kontakin ang pulisya sa inyong lugar upang talakayin ang karahasan o ang kautusang pamproteksyon. Ang abogado o serbisyo ng batas ay makakatulong din sa pag-aplay mo para sa kautusang pamproteksyon, kung kailangan mo nito. Ang mga kautusang pamproteksyon ay may iba't ibang katawagan sa mga estado at mga teritoryo sa Australya. Ang iyong abogado o ang pulisya ay maaaring magpayo kung ano ang makabubuti para sa iyo.

Isang krimen ang lumabag sa kautusang pamproteksyon. Kapag may itinalagang kautusang pamproteksyon, dapat mong ipalam kaagad sa pulisya kung sa tingin mo ay nilalabag ito. Tiyakin na iyong naitala ang anumang insidente na sa palagay mo ay mga paglabag dahil ang mga talang ito ay maaaring magsilbing katibayan.

## Humingi ng tulong

Tandaan! Ang pang-aabuso sa pamamagitan ng teknolohiya ay hindi OK at hindi mo ito kasalanan. May tulong na makukuha.

Kung hindi ligtas ay iyong pakiramdam, kontakin kaagad ang mga serbisyo ng pulisya at emerhensya sa **Triple Zero (000)**.

Kung hindi ka nagsasalita ng Ingles, tawagan ang **Triple Zero (000)** mula sa nakapirming linya (fixed line) ng telepono at hilingin ang **'Police', 'Fire' o 'Ambulance' ('Pulisya', 'Sunog', o 'Ambulansya')**. Kapag nakakonekta, huwag ibababa ang telepono at aayusin nilang mabigyan ka ng serbisyo ng interpreter.

Kung ang tawag na ito ay hindi emerhensya, tumawag o sadyain ang himpilan ng pulis sa inyong lugar.

Para sa karagdagang tulong, kontakin kaagad hangga't maaari ang **1800RESPECT** mula sa isang ligtas na telepono o device sa:

**1800 737 732**

[1800respect.org.au](http://1800respect.org.au)

Ang **1800RESPECT** ay nagbibigay ng 24-oras na libre at kumpidensyal na pagpapalano sa kaligtasan, pagpapayo at suporta sa lahat ng mga uri ng pang-aabuso, kabilang ang pang-aabuso sa pamilya at seksuwal na pang-aabuso. Maaari ka rin nilang iugnay sa iba pang mga serbisyo sa inyong lugar. Pumunta sa [1800respect.org.au/languages/](http://1800respect.org.au/languages/) para sa karagdagang impormasyon, payo at mga video sa ibang mga wika.